



# Ang Ating Tanging Sinasamba

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang pinakakaaya-ayang bagay na nagawa mo upang parangalan ang iyong mga magulang? Ano ang naging tugon nila?
- Nakatanggap ka na ba ng regalo na personal na ginawa para sa iyo ng isang tao? Sino ang nagbigay nito sa iyo at paano ka tumugon?
- Kung makapagbibigay ka ng kahit na anong regalo kanino man, ano ang ibibigay mo at bakit?

**WORD** *<sup>3</sup>Isang araw, naghandog si Cain sa Panginoon ng galing sa ani niya. <sup>4</sup>Si Abel naman ay kumuha ng isang panganay sa mga inaalagaan niyang hayop, kinatay ito at inihandog sa Diyos ang pinakamagandang bahagi. Natuwa ang Panginoon kay Abel at sa handog nito, <sup>5</sup>pero hindi siya natuwa kay Cain at sa handog nito. At dahil dito, sumimangot si Cain at labis ang kanyang galit.*

**GENESIS 4:3-5**

Sa pahayag na ito, makikita natin na sina Cain at ang nakababata niyang kapatid na si Abel ay nagbibigay ng kanilang handog sa Diyos. Alam nila na sila ay magbibigay ng kanilang handog sa Dakilang Diyos na may likha ng lahat, at ang pagbibigay nito ay nangangahulugan ng pagpaparangal sa Kanya at pasasalamat sa lahat ng Kanyang mga biyaya. Dahil si Cain ay nagsasaka ng lupa, naghandog siya *ng galing sa ani niya*. Sa kabilang banda, si Abel na tagapag-alaga ng tupa ay *kumuha ng isang panganay sa mga inaalagaan niyang hayop, kinatay ito at inihandog sa Diyos ang pinakamagandang bahagi*. Makikita natin sa pahayag na ito na ang Diyos ay natuwa sa inihandog ni Abel, subalit hindi Siya natuwa sa inihandog ni Cain. Ngayong araw, aaralin natin ang dalawang bagay tungkol sa pagbibigay sa Diyos at kung paano natin ito maisasapamuhay.

1

## Ang ating pagbibigay ay isang pagpapahayag ng pagsamba sa Diyos.

<sup>3</sup>Isang araw, naghandog si Cain sa Panginoon ng galing sa ani niya. <sup>4</sup>Si Abel naman ay kumuha ng isang panganay sa mga inaalagaan niyang hayop, kinatay ito at inihandog sa Diyos ang pinakamagandang bahagi. **GENESIS 4:3,4**

Ang mga inihandog nila Cain at Abel ay nagpakita ng kanilang tunay na saloobin tungkol sa Diyos. Habang si Cain ay nagdala ng *galing sa ani niya*, o sa ibang salin sa Filipino, *isang handog sa Panginoon mula sa bunga ng lupa*, si Abel ay naghandog ng una at pinakamagandang bahagi ng anumang mayroon siya sa Panginoon. Si Cain ay nagdala ng kung ano lamang na maaari niyang dalhin. Kabaligtaran nito, si Abel ay hindi naging padalos-dalos sa kanyang pagbibigay. Inihandog niya ang pinakamahalaga at pinakanatatangi sa kanyang mga alagang hayop. Sa ganitong paraan, sinamba niya ang Diyos bilang tagapagbigay ng lahat ng kanyang mga pangangailangan. Kapag ibinigay natin ang una at pinakamahalaga sa Diyos, buong pagpapakumbaba nating kinikilala na ang lahat ng mayroon tayo ay nagmula sa Kanya, at karapat-dapat siyang tumanggap ng ating pagsamba. Paano mo inihahandog sa Diyos ang anumang pinakamahalaga at pinakanatatangi sa anumang mayroon ka?

.....  
.....  
.....  
.....

2

## Ang Diyos ay tumitingin sa ating mga puso tuwing tayo ay nagbibigay.

*Natuwa ang Panginoon kay Abel at sa handog nito . . .* **GENESIS 4:4**

Tumugon ang Diyos hindi sa kung ano ang ibinigay na handog sa Kanya, kundi sa puso ng nagbibigay ng handog. Sinabi sa Mga Hebreo 11:4 na *dahil sa pananampalataya, nag-alay si Abel*. Nanampalataya siya na ang Diyos na nagbigay ng pagpapala sa kanyang mga ginagawa ay patuloy na magiging matapat sa pagbibigay ng anumang pangangailangan niya, kahit pa ibinigay na niya sa Diyos ang anumang pinakamahalaga at

pinakanatatanging mayroon siya. *Natuwa ang Panginoon kay Abel at sa handog nito*, at ang kanyang pananampalataya ay ikinasiya ng Diyos. Tulad nito, nakikita ng Diyos ang ating mga puso sa tuwing magbibigay tayo sa Kanya, at magtitiwala na patuloy siyang magiging matapat sa pagkalinga at pagbibigay ng pagpapala sa atin. Ayon sa Mga Hebreo 11:6, bakit nakalulugod sa Diyos ang pananampalataya? Sa palagay mo ba ay makikita ng Diyos ang iyong pananampalataya sa iyong pagbibigay, gaya ni Abel? Paano mo maipapakita ang iyong pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng iyong pagbibigay?

---

---

---

---

## APPLICATION

- Gumawa ng listahan ng mga bagay na ibinigay sa iyo ng Diyos sa panahong ito o sa taong ito. Ipanalangin na ang iyong saloobin ay laging mapuno ng pasasalamat habang kinikilala mo ang Kanyang mga pagpapala at nagbibigay ka nang may pananampalataya.
- Pag-isipan kung bakit at paano ka nagbibigay. Sa palagay mo ba ay nagbibigay ka dahil ito ay isang obligasyon o dahil sa debosyon mo sa Diyos? Paano ka makapagbibigay sa paraang magdadala ng karangalan sa Diyos?
- Paano mo mapalalakas ang pananampalataya ng ibang tao sa iyong paligid upang sila rin ay magtiwala na tutustusan ng Diyos ang kanilang mga pangangailangan? Mag-isip ng isang tao, mag-asawa, o pamilya na maaari mong mapalakas ang loob ngayong linggo.

